


9

Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Ang Sanaysay



**Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 12: Ang Sanaysay
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Elvisa R. Buot, Cristia Marie C. Colastre, Marlyn P. Arabis
Editor:	Josephine L. Tomboc, Susan S. Bellido, Alice B. Maglinte
Tagasuri:	Brengilda C. Canama, Mario Shoji N. Romarate, Alma M. Beton
Tagapamahala:	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Majarani M. Jacinto Juliet A. Magallanes Florencio R. Caballero Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

Filipino
Ikalawang Markahan – Modyul 3:
Ang Sanaysay

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Maligayang pagdating sa ikatlong modyul kaibigan. Ako ay nagagalak na natapos mo ang ikalawang modyul. Napakahusay! Ako nga pala ang iyong kaibigan na si Kokoy, ako ang iyong magiging gabay sa iyong makulay na paglalakbay.

Pag-aralan natin ngayon ang tungkol sa Sanaysay, isang halimbawa nito ay ang sanaysay ng Taiwan na pinamagatang “Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at Noong Nakalipas na 50 Taon.


Bagamat isang industriyalisadong bansa ang Taiwan, hindi pa rin nakatatanggap ng pantay na karapatan ang kababaihan sa larangan ng trabaho noon ngunit ang ganitong kalagayan ay nagbabago na sa kasalukuyan.

Sa pagbabasa at pag-aaral ng modyul na ito ay malalaman natin ang pagpaliliwanag ng pananaw ng may-akda, kaisipan, layunin, paksa, paraan ng pagbuo at mga salitang di lantad ang kahulugan sa sanaysay.

Kaya pagkatapos nating mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naipaliliwanag ang pananaw ng may-akda tungkol sa paksa batay sa napakinggan.
2. Naipaliliwanag ang mga: kaisipan, layunin, paksa, at paraan ng pagkakabuo ng sanaysay.
3. Naipaliliwanag ang mga salitang di lantad ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap.

Handa ka na ba kaibigan? Sana maibigan mo ang ating paglalakbay.



Subukin

Bago tayo magsimula sa pagtalakay sa ating bagong aralin ay susubukin ko muna ang iyong kaalaman tungkol dito. Basahin at unawain ang sanaysay sa ibaba at sagutin ang mga tanong.



Nanunuot sa kalamnan ang lamig na dulot ng kalungkutan, dahil sa pagkawalay sa iyong magulang upang maragdagan ang kaalaman. Buhay *Senior High School* ay isang bagong mundo. Magkakaroon ka ng bagong kaibigan o ka-ibigan kaya napakainam.

Ang minsang pagpapadama ng init ng iyong kaibigan o ka-ibigan ay tila ba kay- inam, ito’y naging bisyo na ng iyong katawan. Nakalimot ka sa iyong sinumpaan. “Inay, Itay iuuwi ko diploma ng karunungan.”

Huwag mo sanang kalimutan ang kapal ng kalyo sa kamay ng iyong magulang, babad nilang mga paa sa putikan, may maipadala lamang sa iyong pangangailangan.

Ni: *Cristia Marie C. Colastre*

1. Paano inilahad ng manunulat ang layunin sa binasang talata?
 - A. sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sitwasyon
 - B. sa pamamagitan ng pag-isa-isa ng nadarama ng mag-aaral
 - C. sa pamamagitan ng pagbibilang ng paghihirap ng magulang
 - D. sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa ng pangyayari
2. Paano ipinapakita sa teksto ang realidad sa lipunan na ang mag-aaral ay may malaking responsibilidad na nakaatang sa kanilang balik?
 - A. sa pamamagitan ng sitwasyong naglalahad ng tungkulin ng mag-aaral
 - B. sa pamamagitan ng pagbibigay linaw sa hirap ng mag-aaral
 - C. sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga karanasan ng mag-aaral
 - D. sa pamamagitan ng paglalahad ng pangarap ng mag-aaral
3. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito, “Huwag mo sanang kalimutan ang kapal ng kalyo sa kamay ng iyong magulang, babad nilang mga paa sa putikan, may maipadala lamang sa iyong pangangailangan”.
 - A. nagpaalala na kailangan ayusin ng mag-aaral ang kaniyang pag-aaral
 - B. nagpaalala na kailangan maghirap ang mag-aaral sa pag-aaral
 - C. nagpaalala na ang sakripisyo ng magulang ay para sa ikabubuti ng anak
 - D. nagpaalala na ang magulang ay handang magpakahirap para sa anak

4. Kung ikaw ang mag-aaral, paano mo susuklian ang sakripisyo ng iyong magulang para sa iyong magandang kinabukasan?
- A. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking mga magulang sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti at pakikipag kaibigan sa kapwa.
 - B. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking mga magulang magtatrabaho ako upang maiahon ko sa hirap ang aking pamilya.
 - C. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking pagbubutihin ko ang aking pag-aaral para sa aking magandang kinabukasan
 - D. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking mga magulang mag-aaral po ako nang mabuti upang maiahon ko ang aking pamilya sa hirap.

Para sa bilang 5, pakisangguni sa bahagi ng sanaysay sa ibaba.

Sa gitna ng pandemya buong pugay na iwinagayway ng mga atletang Pilipino ang bandila ng Pilipinas sa nakaraang *2021 Tokyo Olympics*. Buong tikas na nag-uwi ng medalyang ginto si Hidilyn Diaz sa larangan ng *weightlifting* sa babae. Medalyang pilak naman ang alay nina Carlo Paalam at Nesthy Petecio at medalyang tanso mula kay Eumir Marcial sa larangan ng boksing.

5. Ano ang kaisipang nais ihatid ng sanaysay?
- A. Ang Pilipino ay larawan ng isang tunay na manlalarong matikas at malakas.
 - B. Ang Pilipino ay larawan ng isang manlalaro na hindi sumusuko hanggat hindi nagwawagi.
 - C. Ang Pilipino ay larawan ng laro sa gitna ng pandemya upang malibang.
 - D. Ang Pilipino ay larawan ng manlalaro na kayang manalo sa anumang larangan ng isports.

Aralin

3

Sanaysay-Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at Noong Nakalipas na 50 Taon

Kaibigan, handa ka na bang simulan ang ating bagong aralin? Tara na at simulan na natin!



Matatagpuan ang Taiwan sa dakong timog-silangang baybayin ng Punong-lupain ng Tsina. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, pangkat ng mga pulo ay sumailalim sa pamamahala ng Republika ng Tsina. Pinamamahalaan ang grupo ng pulo ng Republika ng Tsina (Republic of China; ROC) mula 1945 nang natamo ng ROC ang Taiwan mula sa Hapon bilang bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Bilang isa sa mga bansa ng Silangang-Asya, ang Taiwan ay nagkaroon ng krisis sa pagpapahalaga ng kanilang kababaihan sa nakalipas na 50 taon. Sa kasalukuyan, malaki na ang pagbabago sa kalagayan ng mga kababaihan sa bansang ito.



Balikan

Sama-sama muna nating balikan ang natutuhan ninyo sa nakaraang modyul. Sagutin ang gawain sa ibaba.



Panuto: Basahin at unawain ang bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Anong uring akdang pampanitikan na ang gumaganap ay mga hayop bilang tauhan at nagbibigay ng moral na aral sa mambabasa?

- A. anekdota
- B. maikling kuwento
- C. pabula
- D. parabula

2. Anong damdamin ang nangingibabaw batay sa dayalogo na iyong mababasa? “Maligayang-maligaya si Prinsesa Tutubi. Umaawit-awit pa siya sa kanyang paglipad.”

- A. pagkalumbay
- B. pagkapoot
- C. pagkatuwa
- D. paghanga

3. Iantas ang mga salita batay sa kasidhian (*clining*) ng damdamin nito.

- | | | | |
|---------------|-------------|--------------|--------------|
| 1. sinulyapan | 2. minasdan | 3. tiningnan | 4. tinitigan |
| A. 1-2-3-4 | B. 3-2-1-4 | C. 1-3-2-4 | D. 4-3-2-1 |

4. Alin sa sumusunod na parirala o sugnay ang nagpapahiwatig ng pinakamasidhing damdamin?

- a. Galit ako!
- B. Kinamumuhian kita!
- C. Umalis ka!
- D. Layas!

5. Ano ang angkop na ekspresyong dapat sambitin ng isang binata na nakaka kuha ng matamis na “Oo” sa kanyang nililigawan?

- A. Malas!
- B. Aba! Nakita ako niya.
- C. Yeheey! Sinagot na ako.
- D. Wow, ang ganda niya!



Tuklasin

Magaling! Alam kong nasagot mo nang mahusay ang mga katanungan.

Handa ka na ba sa ating talakayan? Halika na! Aalamin na natin ang tungkol sa Sanaysay.



Gawain 1: Tala-Kaalaman

Basahin ang ilang bahagi ng sanaysay. Ipaliwanag ang paksa at layunin ng manunulat sa sanaysay. Gamitin ang talahanayan sa pagsagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bahagi ng Sanaysay	Ipaliwanag ang paksa sa bahagi ng sanaysay.	Ipaliwanag ang layunin ng manunulat sa pagsulat
<p>Ngayon, nabago na ang tungkulin ng mga babae at ito ay lalong naging komplikado. Sa bahay ng mga Taiwanese, sila pa rin ang may pananagutan sa mga gawaing-bahay. Ngunit sa larangan ng trabaho, inaasahang magagawa nila kung ano ang nagagawa ng kalalakihan. Sa madaling salita, dalawang mabibigat na tungkulin ang nakaatang sa kanilang balikat.</p>		

Napakahusay kaibigan! Dalawang mabibigat na trabaho ang nakaatang sa balikat ng mga kababaihan sa Taiwan kung kayat naging komplikado ang kanilang tungkulin. Ito ang paksa ng bahagi ng sanaysay.

Layunin ng manunulat na ilahad ang pagbabago sa tungkulin ng mga babae upang maging malinaw ang papel na ginagampanan nila.





Suriin

Pagkatapos mong sagutin nang mahusay ang gawain, inaasahan kong handa ka na upang pag-aralan ang sanaysay mula sa Taiwan. Maipapaliwanag mo mula sa pagbabasa nito ang pananaw ng may-akda, paksa, kaisipan, layunin, paraan ng pagkabuo at mga salitang di-lantad sa sanaysay.



Basahin ang isang sanaysay na pinamagatang “**Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at sa Nakalipas na 50 Taon**” nasa pahina 118-119

Isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina

Mababasa mo kaibigan sa dalawang aklat na ito, Peralta, Romulo, et.al., *Ang Panitikang Asyano-Filipino 9*. Philippines: Vibal Group, Inc. 2014. at Panitikang Asyano Modyul ng Mag-aaral sa Filipino.

(posted by admin sa Free Papers: Free Essay on Women in Taiwan: Now & Fifty Years Ago) <http://women-in-taiwan-essay-htm/oct.1,2013>.

Ano nga ba ang Sanaysay?

Paano ba ito nabuo?

Alam kong sabik na sabik kang matutuhan ang mga ito!

Alam mo ba....

Ang **Sanaysay** ay isang matalinong pagkukuro ng sumulat tungkol sa paksa. Ito ay isang genre o sangay ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan na maaaring tumatalakay sa anumang isyu sa kapaligiran maging tao, hayop, pook, pangyayari, bagay, at guniguni.

Ayon kay Alejandro G. Abadilla, ang sanaysay ay pagsasalaysay ng isang sanay. Kaya't ang sinumang susulat nito ay nangangailangan na may malawak na karanasan, mapagmasid sa kapaligiran at palabasa.

Narito ang mga **elemento** ng sanaysay:

Paksa ang tawag sa bahaging pinag-uusapan sa sanaysay.

Kaisipan ang tawag sa mga ideyang nabanggit na kaugnay o nagpapalinaw sa tema.

Ilan sa mga **layunin** ng manunulat sa pagsusulat ng sanaysay ay upang magturo, magpabatid, manghikayat, manuligsa, maglibang at magbigay-puri sa isang individwal o gawain.

Ang **paraan ng pagbubuo** ng sanaysay ay maaaring nagsasalaysay, naglalarawan, nakikipagtalo at nanghihikayat.


Mahalaga ring tandaan na ang **uri ng antas ng wika at estilo** sa paggamit nito ay nakaaapekto rin sa pag-unawa ng mambabasa kaya higit na mabuting gumamit ng simple, natural, at matapat na mga pahayag.

Ang ilang salita ay may **di-lantad na kahulugan** o ang kahulugan ay nasa pagitan ng hanay ng mga salita sa pagbuo ng sanaysay.
-Ito'y nangangailangan ng pagbibigay-kahulugan/interpretasyon gamit ang dating alam ng mga mambabasa upang makuha ang ipinahiwatig ng may-akda sa kanyang sanaysay.

Gawain 2: Kilalanin Mo Ako!

Gamit ang iyong nalalaman sa ating talakayan patungkol sa sanaysay Ipalawanag ang paksa, layunin, kaisipan at paraan ng pagbubuo ng sanaysay na binasa mo.


Kopyahin at punan ang grapikong presentasyon sa ibaba.



Binabati kita! Malinaw mong naunawaan ang nilalaman ng sanaysay sa bansang Taiwan.

1. Ang paksa ay ang pagbabago ng kalagayan ng mga kababaihan ng Taiwan sa kasalukuyan.
2. Ang isa sa mga kaisipan ay ang pagpapahaba ng *maternity leave* nila mula 3 buwan ginawang 1 taon upang higit na mapangalagaan sila.
3. Layunin ng sanaysay ang pagpapabatid sa mga mambabasa na iniaangat ang kalagayan ng mga kababaihan ng Taiwan upang higit silang mapangalagaan.
4. Naglalarawan ang paraan ng pagbubuo dahil inilarawan dito ang mga pagbabago sa kalagayan ng kababaihan.

Ngayon, maghanda para sa pagpapayaman ng iyong kaalaman.



Pagyamanin

Gawain 3: Kaisipan Mo, Ipahayag Mo!

Ipaliwanag ang kaisipan ng sumusunod na mga pahayag sa loob ng kahon.

Mga Pahayag	Kaisipan
Ilang kababaihan lamang sa buong mundo ang nakakakuha ng pantay na karapatan at paggalang tulad sa kalalakihan.	
Ang mga babae ay walang karapatang magdesisyon dahil sa kanilang mababang kalagayan sa tahanan.	
Isa pa, tumaas ang pagkakataon para sa mga babae pagdating sa edukasyon.	

Mayroon pa ring mga kompanya na hindi makatarungan ang pagtrato sa mga babaing lider nito.	
Marami pa ring dapat magbago sa kalagayan ng kababaihan sa Taiwan at malaki ang aking pag-asa na makita ang ganap at pantay na karapatan nila sa lipunan.	

Gawain 4: Ipaliwanag ang kahulugan ng salitang hindi lantad sa mga pangungusap.

1. Matigas ang tiyan ni Angel. Naimpatso ito.
2. Maganit ang ubo ni Junalyn.
3. Katasin mo ang dahon ng lagundi.
4. Maaaring kapirasong tela ang ibigkis sa sugat ng biktima upang maampat ang dugo.
5. Naalimpungatang sumunod si Dina sa paglabas ng kanyang ina.


Matapos mong naisagawa nang mahusay ang mga Gawain, natitiyak kong malinaw na malinaw na sa iyo ang sumusunod na konsepto.



Isaisip

1. Ang sanaysay ay isang matalinong pagkukuro ng sumulat tungkol sa paksa. Ito ay isang genre o sangay ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan na maaaring tumatalakay sa anumang isyu sa kapaligiran maging tao, hayop, pook, pangyayari, bagay, at guniguni.
2. Ayon kay Alejandro G. Abadilla, ang sanaysay ay pagsasalaysay ng isang sanay. Kaya't ang sinumang susulat nito ay nangangailangan na may malawak na karanasan, mapagmasid sa kapaligiran at palabasa.
3. Paksa ang tawag sa bahaging pinag-uusapan sa sanaysay.
4. Kaisipan ang tawag sa mga ideyang nabanggit na kaugnay o nagpapalinaw sa tema.

5. Ilan sa mga layunin ng manunulat sa pagsusulat ng sanaysay ay upang magturo, magpabatid, manghikayat, manuligsa, maglibang at magbigay-puri sa isang individwal o gawain.
6. Ang paraan ng pagbubuo ng sanaysay ay maaaring nagsasalaysay, naglalarawan, nakikipagtalo at nanghihikayat.
7. Mahalaga ring tandaan na ang uri ng antas ng wika at estilo sa paggamit nito ay nakaaapekto rin sa pag-unawa ng mambabasa kaya higit na mabuting gumamit ng simple, natural, at matapat na mga pahayag.
8. Ang ilang salita ay may di-lantad na kahulugan o ang kahulugan ay nasa pagitan ng hanay ng mga salita sa pagbuo ng sanaysay.



Isagawa

Upang mas maragdagan pa ang iyong mga natutuhan sa aralin, halika't gawin mo ang sumusunod na Gawain.



Gawain 5: Paliwanag Mo! Pakinggan Ko!

Ipaliwanag ang layunin ng Pangulong Duterte sa sumusunod na sinabi niya sa kanyang huling sona.


1. "Mahal ko ang mga Bicolano!"
2. "Nandiyan na po ang *Universal Health Care*".
3. "*For those who destroy my youth, I tell you, talagang naiirita ako sa inyo.*"
4. "*I do not want Filipino families to break up because of drugs.*"
5. "Ni minsan hindi ako tumatanggap ng kahit anong regalo galing ng China".

Gawain 6. Gawin Mo Ako!

Sumulat ng isang napapanahong isyu sa alinmang bansa ng Silangang Asya buhat sa mga balita, dokumentaryong pantelibisyon o vidyo sa youtube na maaaring iugnay sa mga ideyang nakapaloob sa akdang "Ang Kababaihan sa Taiwan: Ngayon at sa Nakaraang 50 Taon". Pagkatapos, ipaliwanag ang paksa, layunin, kaisipan at paraan ng pagkabuo nito. Sundin ang format sa ibaba.

Pamagat ng Akda	
Paksa	
Layunin ng Manunulat	
Kaisipang Napaloob	
Paraan ng Pagbubuo	

Napakagaling! Mahusay mong naisagawa ang lahat ng mga Gawain. Alam kong handang-handa ka nang sagutin ang pagsubok na sumunod upang malaman natin kung gaano kalawak ang iyong nauunawaan sa paksa.



Tayahin

- Manunulat sa pahayagang pampaaralan si Lydia. Nakita niya ang kakulangan ng kaalaman ng mga kaklase niya sa tamang paraan ng paghuhugas ng kamay. Ano ang maaaring layunin niya kung susulat siya tungkol dito? Ipaliwanag kung bakit.
 - magturo dahil hindi nila alam ang tamang paraan ng paghuhugas
 - magpupuri dahil sa kahanga-hangang layunin ni Lydia
 - manghikayat upang malaman ng lahat ang tamang paraan
 - manuligsa dahil hindi nila alam ang tamang paraan ng paghuhugas
- Batay sa unang tanong, ipaliwanag ang paksa ng susulatin ni Lydia?
 - Ang Pagbabahagi ni Lydia dahil gawin niya ang pagbabahagi.
 - Ang Tamang Paghuhugas ng Kamay dahil tungkol dito ang paksa.
 - Ang Kakulangan ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sapagkat kulang ang kaalaman ng mga bata.
 - Ang kahalagahan ng Paghuhugas ng Kamay sapagkat ilalahad niya ang kahalagahan nito.
- Alin ang HINDI katangian ng sanaysay? Bakit?
 - Hayop ang tauhan na nagbibigay ng aral.
 - Karaniwang tumatalakay ito sa mga maiinit na isyu.
 - Naglalahad ito ng sariling opinyon at damdamin ng manunulat.
 - Nagtataglay ng mga bagay na nakaangkla sa katotohanan.

Para sa mga bilang 4-7, pakisangguni sa bahagi ng sanaysay sa ibaba

Sa bawat indak ng lamuymoy sa saliw ng ihip ng hangin na sumasabay sa ngiti ng haring araw ay nagpaaalala na ikaw ay darating. Babaguhin ang nakagawian na simpleng pabilog lamang ang adorno na nakalagay sa tenga ng binibining matimtiman. Sa makulay na lumuymoy ako ay tila nahimasmasan sa pagkakatulog sa lupang tigang. Init at tamis ng pagbabago ay nakita at nalasahan. "Salamat, salamat pipi kong usal dahil sa iyo muling nasilayan tamis ng kinabukasan.

Ni: *Cristia Marie C. Colastre*

4. Ano ang paksa ng talata sa itaas? Ipaliwanag.
 - A. Nagugunita ng sumulat ang panahon na nagbago ang kanyang paligid dahil sa tao na dumating.
 - B. Nagugunita ng sumulat ang pagbabagong hatid ng taong bagong dating sa kanyang buhay.
 - C. Nagugunita ng sumulat ang pagkakaiba ng mga tao na dumarating sa kanyang buhay.
 - D. Nagugunita ng sumulat ang kanyang karanasan sa bawat tao na kanyang nakasalamuha.

5. Ano ang kaisipang nais iparating ng sanaysay? Bakit?
 - A. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na nagbibigay saya.
 - B. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na biyaya.
 - C. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na kamangha-mangha.
 - D. Ang isang bagay na kaaya-aya ay tunay na kagila-gilalas.

6. Ano ang layunin ng sumulat ng sanaysay?
 - A. ipaalam sa mambabasa ang kasiyahang dulot ng pagkakaroon ng bagong kakilala
 - B. ipaalam sa mambabasa ang kasiyahang dulot ng pagbabago tungo sa pag-unlad
 - C. ipaalam sa mambabasa ang kasiyahang dulot ng patuloy na inubasyon
 - D. ipaalam sa mambabasa ang kasiyahang dulot ng taong nakasalamuha

7. Ano naman ang paraan ng manunulat sa pagbuo ng sanaysay? Bakit?
 - A. Narativ dahil nagsasalaysay ang nagsasalita sa sanaysay.
 - B. Deskriptiv dahil inilarawan ang hikaw na may lamuyloy.
 - C. Persweysiv dahil ang akda ay nanghihikayat ng pagbabago.
 - D. Argumentativ dahil ito'y nakikipagtalo sa mga mambabasa.

Para sa bilang 8-10, basahin ang sanaysay sa ibaba at sagutin ang mga tanong.

Face mask!

Face shield!

Alkohol!

Limitado sa tindahan, madalas nagkakaubusan.


Kaylamig ng simoy ng hangin na humahampas sa kainosentehan ng kanyang mukha. Punong-puno ng pangarap. Pangarap na sanay makaakyat sa intablado, mahawakan ang puting papel at masabitan sa leeg ng kende at borloly na bulaklak.

Subalit ano ito? *Virtual Graduation?* 'Di na pwede lumabas kasi may COVID-19, 'di na makapaglaro sa kalye? Palaging may *face mask* na suot at *face shield*. Nakakaumay subalit kailangan sabi ni nanay.

Ni: Cristia Marie C. Colastre

8. Subalit ano ito? *Virtual Graduation?* 'Di na pwede lumabas kasi may COVID-19, 'di na makapaglaro sa kalye? Palaging may *face mask* na suot at *face shield*. Nakakaumay subalit kailangan sabi ni nanay. Ano ang pananaw ng may-akda?
 - A. Gusto ng may-akda na ipaalala na kailangan sumunod sa alituntunin ang mambabasa sa pag-iwas sa COVID-19.
 - B. Gusto ng may-akda na ipaalala na kailangan maging alisto sa panahon ng paglaganap ng COVID-19.
 - C. Gusto ng may-akda na ipaalala na kailangan merong nakaimbak na pangunahing pangangailangan ang mambabasa.
 - D. Gusto ng mga-akda na ipaalala na kailangan sumunod sa alituntunin upang makaiwas sa COVID-19.
9. *Face mask, face shield* at alkohol, gaano kahalaga sa kalusugan ng tao ang mga ito sa panahon ng pandemya?
 - A. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang maiwasan ang paglaganap ng pandemya.
 - B. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang maiwasan pagpunta sa doktor dahil sa pandemya.
 - C. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang hindi mahawaan ng sakit, lalong-lalo na ang COVID-19.
 - D. Mahalaga ang *face mask, face shield* at alkohol upang maiwasan ang mga sakit.
10. Anong uri ng sanaysay ang iyong nabasa?
 - A. maanyo o pormal
 - B. malaya o impormal
 - C. makabago
 - D. makaluma

Magaling! Saludo po ako sa inyong ipinakitang galing sa pagsagot nang tama sa pagtataya. Upang mas mararagdagan pa ang iyong nalalaman, subuking maisagawa ang karagdagang gawaing ito.



Karagdagang Gawain

Gawain 7: Dugtungan Tayo

Ilahad mo nga ang iyong natutuhan sa araling ito sa pamamagitan ng pagdugtong ng mga ibinibigay na pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Masasabi kong _____


Napag-alaman kong _____

Natuklasan kong _____

Binabati kita sa ipinakita mong kahusayan! Nagtagumpay ka sa lahat ng mga gawain. Kung may mga bagay pa na hindi malinaw sa iyo, balikan lamang ang bawat bahagi ng modyul na ito o magtanong sa iyong guro.

Maghanda ka na para sa susunod na aralin!





Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. A 2. B 3. A 4. A 5. B 6. B 7. A 8. A 9. C 10. B</p>	<p>Pagymanin</p> <p>1. Hindi pantay ang pagkilala sa karapatan ng mga babae. 2. Mababa ang katayuan ng mga babae kaya't wala silang karapatang magdesisyon 3. May maraming babae ang nagkamit ng mataas na edukasyon kaysa mga lalaki. 4. May mga babaeng lider na hindi kinilala ang katayuan.</p>	<p>Balikan</p> <p>1. C 2. C 3. C 4. B 5. C</p>
<p>Subukin</p> <p>1. A 2. A 3. C 4. C 5. C</p>		

Sanggunian

Peralta, Romulo, et.al., *Ang panitikang Asyano-Filipino 9*. Philippines: Vibal Group, Inc. 2014.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph